1

Sloan saw her. Magtatatlong oras na siyang nakatayo sa loob ng airport at naghihintay sa subject niya. Nakatanggap siya ng tawag mula sa kanyang big boss nang umagang iyon para sa panibagong assignment. He was a top agent of *Ramos Detective Agency*, one of the leading agencies in the field of investigation in the Philippines. Ibinalik niya ang tingin sa babae.

May sampung metro ang layo nito sa puwesto niya, subalit hindi niya maipagkakailang maganda ito. Mahaba at kulot ang buhok nitong itim na itim at wala sa ayos. She has a medium built. Nakasuot ito ng kulay ubeng V-neck long-sleeved blouse at faded jeans na napapaloob sa abot-tuhod na brown boots. Ang tangi lamang nitong bitbit na bagahe ay isang maliit na backpack and a… baby? Bahagyang napaangat ang kilay ni Sloan.

It was indeed a baby. Hindi nasabi sa kanya ang impormasyon na iyon. He was expecting a single woman. Hindi rin naman siya maaaring magkamali dahil nababagay sa description ng subject ang babae. Mamaya na lamang niya sasabihin sa boss niya ang panibagong impormasyon. He continued assessing

the woman.

Bahagyang nakatagilid ito sa kanya kung kaya hindi pa niya nakikita ang hitsura ng mukha nito. He moved closer to the other side to see her fully and to be sure if she was really the woman he was looking for. Sa ginawa, nakita niya ang kabuuan nito. Wala sa loob na napasinghap siya—the woman's face was almost perfect!

Heart-shaped face, perfectly shaped brows, aristocratic nose and long curvy lashes. And her eyes… They were violet orbs staring straight at him. He felt a jab in his gut when he tried wrenching his gaze away from her.

Sloan, get your head on the game… mahinahong sermon ng isip niya sa sarili. He needed to focus on his job. Ipinilig niya ang ulo upang alisin ang imahe ng magandang babae roon. Whoever this mystery woman, malalaman din niya mamaya kapag nakausap na ito. Suddenly, he felt a pang of regret for her. *Sayang may anak na siya…* Pilit niya muling sinaway ang takbo ng isip. He wasn't used to this kind of musings. Ngayon lamang niya ito naramdaman sa kanyang propesyon. *Ngayon ka lang kasi nagkaroon ng subject na kasing-ganda niya…* his mind taunted.

Pushing back the thought from his mind, he

squared his shoulders and took the first steps toward this beautiful, mysterious stranger.

Sab's mind was a total contrast to her physical appearance. Her mind was chaotic as hell could be. Paano ba naman, hindi niya alam kung ano ang gagawin. Nang lumayas siya sa bahay, ang tanging nasa isip lang niya ay maialis doon ang anak. Kailangan niyang siguruhin na ligtas si Ramsey. She wasn't even able to bring any clothes for the herself. Kaunting damit ni Ram at mga feeding bottles lamang ang laman ng bag niya dahil sa pagmamadaling makaalis. She booked a flight anywhere far from her home.

At ngayon nga ay nandito na siya sa Pilipinas na walang kaalam-alam kung saan pupunta at kung sino ang pupuntahan. Wala siyang mga kaibigan na mahihingan ng tulong o kaya ay matutuluyan. In short, she was all by herself with her son in tow. She felt alone and stupid. Kanina pa niya gustong umiyak subalit pinipigilan niya ang sarili. She had long found out that crying never helped her. It only worsened the situation. It was enough that Baby Ram cries for the both of them.

She felt the baby stirred in her arms. Niyuko

niya ang anak, nagsisimula na itong magising. Nang magmulat ng mga mata ang sanggol at tumuon ang asul na mga mata nito sa kanya, nakaramdam si Sab ng di-mapawing kapayapaan. She felt like everything would be okay. She kissed Ram's soft forehead before hugging the baby to her chest tightly. *I promise you, Mommy's gonna be strong…* her mind silently vowed.

Nang mag-angat siya ng ulo ay napansin niya ang isang lalaking papalapit sa direksyon niya.

Amidst the throngs of people going about the airport hallway, nagtama ang mga mata nila ng estranghero. He was a couple of meters away from her but his raw masculinity was stretching to her. Ang mga mata nito ay nangungusap. He held her gaze easily and effortlessly. Kahit gusto na niyang magbawi ng tingin ay hindi niya magawa. She couldn't explain it.

The stranger was wearing a dark brown trenchcoat over a dark blue turtleneck and pants of the same shade. Moreno ito at clean cut. He was almost six feet tall. He was square-jawed and his full pink lips were put in a straight line. Makakapal ang pantay na kilay at mahahaba ang pilik na nagbibigay pa lalo ng emphasis sa malalim nitong mga mata. His eyes were the darkest shade of brown that she had

ever seen. She was drowning from the sheer look of the guy and all thoughts were drained in her head when heard her son cry. She broke eye contact with the handsome stranger.

Para rin siyang binuhusan ng malamig na tubig sa pag-iyak ng bata. She felt fear running down her spine in a sudden realization. Bakit ba siya lalapitan ng lalaki? She didn't know him. Muli siyang tumingin sa estranghero at sigurado siyang siya ang tinitingnan nito.

Oh¸ no! I need to get out of here! mahinang sigaw ng utak niya. She clutched Baby Ram tightly to her chest before taking a tentative step backward. Nakita niya sa gilid ng mga mata ang isang daan patungo sa gilid ng airport. Paatras siyang lumakad patungo roon.

Nang makaabot sa daang iyon ay tumakbo na siya. Hindi niya inalintana ang mga tingin na mula sa mga taong nakakasalubong niya. Hindi na lamang siya lumingon upang tingnan kung sinusundan siya ng estranghero. She needed to get out of there. To get as far as possible from the man. She needed to get Ram away.

Malapit na si Sab sa labasan ng airport nang makita niya ang isang security guard. Muntikan pa

siyang mapasubsob nang huminto siya sa harapan nito. Mabuti na lamang at naalalayan siya nito.

"Ma'am, ayos lang po ba kayo?" gulat na tanong sa kanya ng matandang guwardya.

Hindi kaagad nakasagot si Sab dahil habol pa niya ang hininga sa pagtakbo na ginawa. Nakapagsalita lamang siya matapos ang dalawang segundo.

"M-Manong, may sumusunod po sa 'kin." Lumingon pa si Sab sa likuran niya upang hanapin ang estrangherong kanina lamang ay sumusunod sa kanya. He wasn't there. She felt relief for a moment and a sudden unwelcome feeling. *Regret*? maang na tanong ng utak niya. How could she feel any regret? Malay ba niya kung isa ito sa mga binayaran para ibalik siya sa Colorado? She shuddered at the thought.

Sinundan ng security guard ang tinitingnan niya.

"Ma'am, wala naman pong sumusunod sa inyo," maang nitong obserbasyon.

"Manong, kanina lang sinusundan niya ako. I'm sure of it," may conviction na pahayag ng babae.

Ilang sandali pa silang nagpalinga-linga sa paligid, subalit maski anino ng estranghero ay hindi

na nila nakita. It was as if he didn't exist in the first place.

"Ma'am, wala talaga. Kung hindi pa rin talaga kayo panatag, sasamahan ko na lang kayo sa security office ng airport," pagmamagandang-loob ng matandang security guard.

Tumango si Sab nang alanganin. Hindi siya sigurado kung ligtas na nga ba talaga sila ng anak niya. Baka nagtatago lamang ang lalaki sa kung saanman sa airport at hinihintay siyang mapag-isa saka siya aatakihin. She felt another chill run up her spine.

Nang makarating sa security office ay kaagad siyang inasikaso ng babaeng pulis na kasalukuyang naka-duty sa desk.

"Ma'am, can you describe the man who followed you?" anang babaeng pulis.

She answered fluently in the same language and described to her everything she remembered about the guy's appearance. His face was all too vivid in her mind.

"Thank you, Ma'am. We'll have the all the guards to watch out for the man. Until then, you can stay here in the lounging area." Iminuwestra nito sa kanya

ang isang sofa na nasa sulok ng opisina. Hindi na siya nag-alinlangang umupo. The cushion beneath her was not as comfortable as her own bed but it would suffice. Wala siya sa lugar ngayon para maging mapili.

"If you'll excuse me," magalang na paalam nito.

"*Merci*," she said while smiling weakly at the woman. Hindi na niya inalintana ang pagsasalita ng French. It was second nature to her. Katulad ng pagsasalita ng Ingles at Tagalog. She was half-French, after all. Umalis ang babaeng pulis at naiwan sila ni Ram.

Kanina pa nakatulog ang bata sa mga bisig niya. She stroked the baby's rosy cheeks and nuzzled it with her nose. Ilang sandali pa ay naramdaman na niya ang pangangalay ng mga braso.

She gently put Ram on the other side of the sofa. Nang maiayos na niya sa pagkakahiga ang bata ay saka pa lamang siya umayos ng pagkakasandal. She put a reassuring arm over the baby upang mapanatag siyang magising man ang sanggol ay magigising din agad siya.

Mayamaya pa ay naramdaman ni Sab ang pamimigat ng mga mata. Nawalan siya ng track sa oras nang makatulog siya. She didn't know what

was happening around her. At nang magising siya ay napaigtad pa siya ng tayo sa sofa. Maagap na hinagilap niya ang anak, subalit wala na ito sa tabi niya. Fear crippled her senses.

It was then that she heard Ram's playful giggle. Lumakad si Sab patungo sa mesa ng babaeng pulis na kumausap sa kanya kanina. Nakita niya ito kasama ang ilan pang security guards na nakapalibot dito. She was holding Baby Ram in her arms and he was enjoying all the attention they were giving him. Sab smiled unconsciously.

"Ma'am, I'm so sorry! Hindi po namin sinasadyang kunin ang baby n'yo. Umiyak po kasi siya at hindi po namin sana gustong istorbohin kayo kaya kinarga ko siya," kaagad na paliwanag ng babaeng pulis sa kanya nang makita siyang nanonood sa pangyayari.

Nakangiti siyang umiling. "That's fine. Salamat sa concern. Mahilig talagang magpa-cute ang anak kong 'yan. Pasensya na sa abala."

Magkakapanabay na umiling ang mga security guards at ang babaeng pulis sa sinabi niya.

"Ayos lang, Ma'am. Ang cute-cute naman kasi talaga ng baby n'yo," nanggigigil na sabi nito, sabay nuzzle sa ilong ni Ram. The baby gave a gleeful

squeak.

"Oo nga po, Ma'am. Ang guwapo-guwapo ng anak n'yo. Mana siguro ito sa ama, ano po?" anang isang security guard.

Nag-isip si Sab sandali bago nagawang sumagot. "Siguro nga po."

Kapagdaka ay isinauli na sa kanya ng babaeng pulis si Ram.

"Ma'am, we swept the whole airport pero walang makapagsabi o makapag-identify sa lalaking sinabi n'yo. Baka po nakaalis na siya kanina pa," pagbibigay-alam nito.

"So that means p'wede na kaming umalis? Ligtas na kami sa lalaking iyon?" she asked hesitantly. Nakahinga siya nang maluwag sa narinig. Inakala niyang susundan siya ng estranghero, pero mukhang nagkamali lang siya. Maybe she even just imagined the guy. Silly her.

"Anyways, thank you sa inyong lahat. I appreciate all your concern. For me and my baby," ani Sab.

"That's okay, Ma'am. Trabaho po namin 'yun." Sumaludo pa sa kanya ang mga ito. Inalok pa siya ng isa sa mga security guards na ihatid sa labas ng

airport, subalit tumanggi siya. Sinabi niyang magiging maayos din siya.

Iniisip pa ni Sab kung saan siya pupunta mula roon nang biglang huminto ang isang taxi sa harapan niya.

Maybe she would check in a hotel first. She estimated the money she had with her, it was enough to last for a month. Hawak na niya ang knob ng pinto ng kotse nang may biglang humawak sa braso niya at hinila siya palayo sa sasakyan.

Kamuntik pa siyang matapilok kung hindi lang siya maagap na nahawakan sa baywang ng taong humila sa kanya.

Nang mag-angat si Sab ng tingin upang tingin kung sino iyon ay kaagad siyang napipi. It was the handsome stranger! Totoo ito. Hindi isang figment ng kanyang imahinasyon na katulad ng inaakala niya. Her fear was starting to rise again.

“You need to come with me, Miss Montez,” anang malalim na tinig ng estranghero. He had a deep sensual voice na tila kumiliti sa kanyang tainga. Pakiramdam niya ay nanuyo ang kanyang lalamunan dahil doon.

She looked up at the man’s direct stare. Katulad

kanina, ganoon pa rin ang epekto ng titig nito sa kanya. He was holding her captive by his immaculately deep penetrating gaze. She forgot how to breathe for a second. Wala sa loob na napatango na lamang siya rito.

2

"Who are you?" anang babaeng katabi niya. They were riding his midnight blue *Mazda 6* at kasalukuyang binabagtas ang kahabaan ng highway. Kanina pa dapat sila nasa pupuntahan kung hindi lang sa aberyang nangyari sa airport.

Ipapakilala na sana kanina ni Sloan ang sarili sa babae nang bigla itong tumakbo papalayo. Sinubukan niyang sundan ito sa gitna ng maraming tao, subalit nang makita niya itong humingi ng tulong sa isang security guard ay mabilis siyang naghanap ng exit. Hindi puwedeng lumabas ang plano niya. He had to stay anonymous to other people except to his subject. Iyon ang tanging kondisyon ng misteryosong kliyente nila. He was still anxious about the anonymity of their said client. Hindi niya gustong magtrabaho sa isang kliyente na hindi niya sigurado kung ano ang totoo nitong pakay, lalo na kung sa isang babae at ang anak nito.

A very attractive woman at that… pagtatama ng isang bahagi ng isip niya. He quieted the voice in his head.

Tatlong oras din siyang naghintay sa labas ng

airport bago nagawang mag-materialize ng babae. It was then that he wasted no time to take her in. At ngayon nga ay patungo sila sa isang resthouse sa Antipolo ayon sa instructions ng mystery client. Napabuntong-hininga siya.

"Is that the only answer I will get from you?" mahina subalit malinaw na patuloy ng babae. She was sitting as far away as possible from him at yakap na yakap ang sanggol sa dibdib nito. The baby was sleeping soundly. Sumulyap si Sloan rito bago muling ibinalik ng tingin sa kalsada.

If he said the woman was beautiful from afar, he was taking it back. She was extremely beautiful in person. Mukha itong manika. Despite her obvious anxiety and the creases on her forehead ay hindi maitatatwa ang angkin nitong kagandahan. Somehow, she didn't seem to be real. She looked like a woman coming out of a well-crafted painting. He tried focusing his mind on the road instead of the woman beside him. He does not mix business with pleasure. Iyon ang pinaka-rule niya pagdating sa trabaho. Bakit tila yata nakakalimutan niya iyon kapag kaharap ang babaeng ito? He sighed heavily again.

"Mister, bingi ka ba?" Nanginginig man ang tinig

ng babae ay nagawa pa rin nitong itanong iyon sa kanya.

“Hindi ako bingi, Miss Montez,” he answered shortly.

“Kung gan’un, bakit hindi mo masagot ang simpleng tanong ko?” patuloy nitong usisa.

Hindi gustong sabihin ni Sloan ang pangalan sa babae ngunit kailangan. Something told him that if he wanted to make this easy for both of them, he needed to win her trust.

“My name is Sloan Tenorio.” Nakikita niya ang pagdududa sa titig nito.

“And what do you do, Mr. Tenorio?” she pressed on.

“Hindi ba dapat magpakilala ka muna in return?” He was conscious of the woman’s every emotion written all over her beautiful face. She was like an open book and that somehow made him feel a little uneasy.

“I’m sure you already know who I am base sa familiarity mo sa akin kanina,” asik nito. If looks could kill, kanina pa siya natumba. Her velvet eyes seemed to be shooting darts at him.

"Pasensya na, Miss Montez, but I only know your last name and I would like very much to know you personally," udyok niya. Nang ibigay sa kanya ng boss niya ang assignment nang umagang iyon, hindi niya naisip na kailangan pa niyang malaman ang unang pangalan ng babae. It was just another job, after all. Subalit ngayong nasa ganito na siyang predicament, hindi niya mapigilan ang sarili sa mga sinasabi rito.

She looked at him with contempt in her eyes, subalit mukhang pinag-iisipan nito ang sinabi niya.

"Isabeau." Mahina lamang iyon subalit narinig niya ang sinabi ng babae. Her name was like a gentle murmur coming from her kissable lips. Napalunok siya.

"A forest nymph's name," wala sa loob na komento ni Sloan.

Ang pagbabago ng emosyon sa mukha ng kausap ay parang katulad sa papasikat na araw. Gone were the lines in her smooth forehead. Nawala rin nang bahagya ang pagsasalubong ng mga kilay nito. She wore a surprise expression and a tinge of wonderment in her face. It almost took his breath away.

"Pa'no mo nalaman ang tungkol d'un?"

"I'm an avid reader. Mythology ang paborito kong

subject." Kinagat ng lalaki ang dila dahil sa pagsasabi niya rito ng tungkol sa sarili. He wasn't a tattle, pero ano ba ang epekto ng babae na ito sa kanya? He was acting against his principles since the first time he laid eyes on her.

"Pareho pala tayo. I also like mythology," nakangiti nitong pagbibigay-alam.

It was just a split second but Sloan knew that when he watched the beginning of a smile on the woman's face, everything around him seemed to stop. He even imagined his heart skipping a beat.

Napansin marahil ni Sab ang pagkagulat sa mukha niya sa nagawa nitong pagngiti kung kaya maagap na nagbalik ang matalim nitong titig. She was back on her guard again.

Naghari ang katahimikan sa loob ng sasakyan. Itinuon na lamang ni Sloan ang atensyon sa pagmamaneho, sa daan sa harapan nila. Mas mabuti pang itikom na niya ang bibig habang kasama ang babae.

Magdadalawang minuto pa lang na walang umiimik sa kanila nang biglang basagin ng malakas na unga ng sanggol ang katahimikan. He instantly looked back to the woman and the crying child.

"Ram, tahan na. Dito lang si Mommy. Don't cry, my baby," pag-aalo nito sa anak. She stroked the baby's rosy cheek and nuzzled his button of a nose. The image touched his heart unconsciously. He suddenly averted his eyes.

"Ram ba ang pangalan ng anak mo?" tanong ni Sloan habang nakatutok ang tingin sa kalsada. *Me and my big mouth,* inis na sita ng isip niya.

"Hindi. His name's Ramsey. Nakasanayan ko na kasi siyang tawagin sa gan'ung palayaw." Without looking at her, he could hear the pride in her voice. Pakiramdam niya ay may mainit na kamay na humaplos sa kanyang puso ngunit pilit na binabalewala iyon. He was not accustomed to the feelings the mystery woman was awakening in him, the feelings he thought was long buried. Ang tangi na lamang niyang nagawa ay ipaalala sa sarili ang dahilan kung bakit siya naroon at kung sino ang babaeng katabi.

"Mr. Tenorio, saan mo ba kami balak dalhin?" Nahimigan niya ang pag-aalala sa tinig nito.

Saan nga ba? Siya mismo ay hindi alam ang lugar na pupuntahan nila. He was instructed to stop at *Robinsons Place* in Cainta for further instructions, ayon sa kanyang mystery client. Mula roon ay maghihintay siya ng tawag mula sa kliyente mismo.

Nanatili ang katahimikan sa loob ng sasakyan hanggang sa makarating sila sa mall. Pumunta sila sa isang game center sa fifth floor. May nakita siyang bakanteng bench at doon umupo ng mag-ina. Hinihintay niya ang tawag nang mapalingon si Sloan sa sanggol na karga ni Isabeau.

He was awake and looking around the area. The baby was wiggling his little arms and legs as if having fun. Nagsimula itong humagikgik nang isang dumadaang batang babae ay huminto sa tapat nito at itinaas ang malagkit na kamay malapit sa mukha nito. Masayang humagikgik ang sanggol. Sloan felt tenderness toward Ramsey. A shadow of a smile crossed his face.

“P’wede bang paglaruin ko muna ang anak ko sa play fence, Mr. Tenorio?” anang tinig ng babae.

Biglang naglaho ang kanyang ngiti bago lingunin ang katabi. Nagulat pa siya nang makitang pinagmamasdan nito ang kanyang mukha. There was curiosity in her velvet eyes that made his own guard rise. Kaagad siyang nagbawi ng tingin at hinanap ang play fence na tinutukoy ng babae at nakita iyon di-kalayuan sa kinauupuan nila.

“Sige, ayos lang basta huwag lang kayo lalayo,” aniya sa malalim na tinig.

Tumango si Sab bilang sagot bago tumayo habang karga si Ram. She even took the little girl with her toward the play fence.

Mula sa kanyang puwesto ay kitang-kita ng binata ang mag-ina.

He didn't want to get caught by the warmth of the scene in front of him, but he couldn't help it.

Isabeau was sitting cross-legged while her son was lying on his stomach. Marahang pumalakpak ang babae upang tawagin ang atensyon ng sanggol. Baby Ram's head snapped to the direction of his mother and tried crawling toward her. Tumabi pa ang batang babae kay Isabeau at sabay na nakipalakpak dito. The two of them urged the baby to come forward. With his little arms supporting all his weight, Ram slowly crawled. Sa sobrang engrossed ni Sloan sa panonood sa mga ito ay hindi niya napansin ang kanina pang pagba-vibrate ng cellphone. Nang maramdaman na niya ang paggalaw ng aparato ay mabilis niyang kinuha iyon at sinagot ang tawag.

"Hello. I'm sorry for the delay," maagap niyang paumanhin sa caller.

"It's okay. I'm delayed as well," anang baritonong tinig sa kabilang linya. The man had an accent, Sloan

mentally noted it.

"What am I supposed to do now, Sir?" walang paliguy-ligoy na tanong niya. Nangangati siyang tanungin kung sino ba talaga ang kliyenteng ito at kung ano ang kinalaman nito sa babaeng kasama niya.

"Is she with the baby?" sa halip ay balik-tanong nito.

So he knew about the baby… wala sa loob na sabi ng utak ni Sloan. Lalo lang siya nakaramdam ng anxiety sa pakikipag-usap dito.

"Yes, Sir," matipid niyang sagot. Kung nais ng lalaking ito na isang tanong, isang sagot ang kanilang pag-uusap ay gagawin niya. Nagsisimula na siyang mairita sa mysterious client na ito.

"Good. I want you to bring her to a place somewhere." Ibinigay nito ang direksyon sa kanya. Maagap niyang ini-encode iyon sa kanyang cellphone at isinave sa drafts. "Did you get it?"

"Yes, Sir."

"Wait for my call. Be there in thirty minutes." Iyon lang at walang sabi-sabing pinutol na nito ang kanilang pag-uusap.

Damn! anang isip ni Sloan. Hindi niya gusto ang ganito. Hindi siya sanay makipag-negotiate sa isang kliyente na hindi niya nakakaharap nang personal. Kung hindi lang nirekomenda ng boss niya at in-assure ang credibility ng kliyente ay hindi siya papayag na gawin ang trabaho.

Ibinalik ng binata ang cellphone sa bulsa ng kanyang trench coat bago tumayo at pumunta sa direksyon ng mag-ina.

"We need to go, Isabeau." The first time he addressed her by her first name. It sounded good in his ears. *It even tasted good in my mouth…* He shove the nasty thought at the back of his mind.

"Saan tayo pupunta?" anito na tiningala siya. Kasalukuyan nitong kinukuha ang anak sa carpeted floor bago tumayo. She ruffled the head of the little girl beside her before letting her kiss Ram's forehead.

Naglakad na sila papalabas ng mall at bumalik sa parking area. Ilang minuto na silang tahimik na nagbibiyahe sa kalye nang muling magsalita ang kasama.

"Saan tayo pupunta, Mr. Tenorio?"

Sinulyapan muna niya ito sa rearview mirror bago sumagot. "Hindi ko pa din alam, Isabeau.

Hayaan mo lang muna akong mag-drive."

"Sab," pagtatama nito. Napabaling ang tingin niya rito mula sa kalsada. "Sab. You can call me 'Sab'." Iyon lang bago ito tumingin sa labas ng bintana.

"Then call me 'Sloan'." Tumango lamang ang kausap bilang pagsang-ayon. Ibinalik niya ang tingin sa daan at itinuon na roon ang buong atensyon.

Twenty minutes ang lumipas at narating na nila ang lugar na sinabi ng mysterious client. Nag-iisa ang dalawang palapag na bahay sa bahaging iyon ng Antipolo.

Lumabas siya sa kotse at tiningala ang structure na nasa harapan niya.

It was an average-looking resthouse painted in blue. May bakal na gate sa palibot nito. The roof was Spanish style. Napansin din niyang hindi naka-lock ang gate at malamang na pati ang pinto ng bahay ay ganoon din.

"Kaninong bahay ito?" narinig niyang tanong ni Sab na nakatayo sa kanyang tabi. Sinulyapan niya ito.

"I really don't know," ang tangi lang niyang sagot.

"Hindi mo ba talaga alam o ayaw mo lang sabihin?" He saw the flash of irritation on her face.

"Hindi ko talaga alam but I assure you, I'll find out. Pumasok ka muna sa loob," marahang pagtataboy niya rito.

There it was again—the wariness in her eyes. Sa nakita niyang emosyon doon ay tila ba gagawan niya ito ng masama at nagtatapang-tapangan lamang ito. Kung hindi lang siya seryosong tao ay baka kanina pa niya tinawanan ang babae. She was playing faro without having the face for it.

"Kung balak mo akong saktan o ano pa man, hindi ako natatakot," she declared with the cheekiness of a teenager. Mahigpit nitong niyakap ang bata. "Huwag mong sasaktan ang anak ko," she added as an afterthought.

"Wala akong balak saktan ang kahit sino. Pumasok ka na muna sa loob at mamaya ko na ipapaliwanag sa 'yo ang lahat." Tumalikod na siya bilang hudyat na tapos na ang kanilang pag-uusap. Nakita niya mula sa gilid ng kanyang mata na naglakad na ang babae papasok sa bahay.

Hindi pa naisasara ni Sab ang pinto nang tumunog ang cellphone ng binata. Kaagad niyang sinagot ang tawag.

"Sir, they're both here. Where are you?" He didn't

bother for formalities. He wanted to get this done and over with. Nag-uumpisa na kasi siyang makaramdam ng kakaiba habang kasama ang babae. He needed to get as far away as possible from Isabeau. ASAP.

"Good. I'm not gonna be able to be there. You're assigned to take care of them until I come over. Let's say two weeks. Your boss knows already. I leave it all to you," dere-derecho nitong sabi bago walang anu-anong binabaan uli siya ng telepono.

"Shit!" hindi naiwasang naibulalas ni Sloan. Sino ba talaga ang lalaking iyon? Sino ba ito para mag-utos at magbaba ng telepono sa kanya? Pinindot niya ang end call button ng cellphone at ini-dial ang numero ng kanyang superior. Nakakaisang ring pa lang nang sagutin ng nasa kabilang linya ang tawag.

"Agent Tenorio, bakit napatawag ka?"

"Sir, nakausap ko 'yung kliyente natin tungkol sa assignment na inutos n'yo sa 'kin. He wanted me to stay with the woman," pagsusumbong niya.

"Then do as you're told," tanging sagot ng superior niya.

"But, Sir, paano ang iba kong assignment?" maagap niyang pag-iiba sa usapan.

"Wala kang ibang assignments as of now at kung meron, I'm sure they would be done flawlessy. Huwag ka nang magtanong, Tenorio. Just do your job." Nagpaalam na ito sa kanya bago pinutol ang communication nila.

"Double shit!" Inis niyang isinuksok ang telepono sa bulsa. Hindi niya magagawa ang nais na makalayo muna kay Isabeau. He was going to be stuck with a woman and a baby for two weeks.

A very beautiful woman to say the least… his mind taunted again.

3

Nasa loob na ng bahay si Sab at kanina pa siya nakatayo sa tapat bintana. Pinapanood niya si Sloan habang nakikipag-usap ito sa kung sino sa cellphone nito at halos quince minutos na itong nasa labas. Muli ay nakakaramdam siya ng pagkabalisa.

Naramdaman din niya ang pagkirot ng dating sugat sa kanang bahagi ng kanyang likod. Matagal nang naghilom iyon, subalit sa tuwing nakakaramdam siya ng kaba o takot ay palagi iyong kumikirot gayundin sa mga oras na may problema siya. She silently wished it was because of her frayed emotions.

Nagbalik ang kanyang isip sa nagdaang hapon. Tila siya isang nahipnotismong babae na tahimik na sumama sa estrangherong nagngangalang Sloan Tenorio sa lugar na iyon.

Hanggang ngayon ay hindi pa rin niya maipaliwanag ang nangyari sa kanya o ang nagtulak sa kanya na sumama rito. And now she was facing the consequence of her impulsiveness.

She turned her anxious eyes to the interior of the house. Light blue ang mga dingding at malamig

sa mata. Kompleto rin ang mga gamit. May isang flat screen television sa harap ng isang sala set. May nakasabit ding mga paintings sa dingding. Lumapit siya sa isa sa mga iyon at nakitang imitation iyon ng isang painting ni Van Gogh. *A very good one*… hindi niya naiwasang obserbasyon nang tingnang mabuti ang painting.

Nagpunta si Sab sa kusina at namagha sa nakita. Mayroong tatlong high stools sa paligid ng marble kitchen counter. May microwave oven, kalan, at kung anu-ano pang appliance na matatagpuan doon. Nilapitan niya ang isang cabinet upang mag-usyoso; mga kahon ng biscuits at chips ang naroon. Tinungo naman niya ang malaking steel refrigerator at binuksan iyon.

Fruits, vegetables, ham, frozen chicken, beef, pork, cans of beer, soft drinks, juice, milk and varieties of food welcomed her. Naramdaman ni Sab ang pagkalam ng tiyan. She remembered her last full meal; ilang oras na rin ang nagdaan. Isinara na niya ang pinto ng fridge at naglakad pabalik sa pinanggalingan.

Bumalik siya sa harap ng bintana at muling tiningnan kung ano ang ginagawa ng binata. He seemed like arguing with someone on his cellphone.

Bahagyang salubong ang makakapal nitong kilay. She strained her ears upang marinig ang kung anumang sinasabi nito sa kausap subalit nanatiling kalmado ang tinig ng lalaki.

Her eyes started to stray from the man's attractive features. He had wide shoulders and broad back that looked like they were carved from stone. The straight line of his jaw was a sign of his strength and seriousness. But amidst all hi's handsome features, sa mga labi nito huminto ang wala sa loob na pagmamasid ni Sab.

His lips were always in a straight line. A contrast to its fullness and rosy hue.

Ano kaya ang pakiramdam ng mahalikan ng mga labing 'yan? her wayward mind whispered. Para siyang nagising sa tanong na pumasok sa isip. Kinastigo niya ang sarili.

This is sick! You're sick, Sab! Hindi mo pa kilala ang lalaking 'yan at ini-imagine mo na ang halik nya! Stop it! saway niya sa isip. It was not the time to harbor any feelings for the man. Marami pa siyang dapat pinagtutuunan ng pansin.

Napayuko siya sa isa sa mga iyon; ang anak niya. Napangiwi si Sab.

"How can you sleep so soundly, Ram, habang si Mommy ay sobrang napapraning sa nangyayari?" tanong niya sa natutulog na sanggol habang inaayos ang pagkakakarga rito. Nang magbalik ang tingin niya sa labas ng bintana ay nakita niyang mataman siyang pinagmamasdan ni Sloan.

She automatically backed away from the window. Hindi niya maipaliwanag ang kaba at takot na biglang umalipin sa kanya.

Ang unang instinct niya ay magtago. Dumako ang kanyang mga mata sa hagdanan at nagpasyang pumunta sa taas.

Nang makarating sa ikalawang palapag ay nakita niyang isang silid lang ang naroon. Hindi siya nag-alinlangang pumasok at i-lock iyon. Mabilis siyang lumayo sa pinto nang marinig ang pagbukas at pagsara ng front door sa ibaba.

"Sab! Sab!" anang malalim na tinig ng lalaki mula sa ibaba. Lumayo pa siya lalo sa nakasarang pinto. Narinig din niya ang mabibigat nitong hakbang paakyat sa hagdanan. She felt her heart hammering in her chest. Luminga-linga siya sa paligid upang maghanap ng bagay na maaaring gamitin upang ipangdepensa sarili. She found a feather duster in the closet.

What will you do, Sab? Dust him to death? tuya ng kanyang utak. Hindi na iyon pinansin at tumayo malapit sa pinto.

Ilang sandali pa ay nakita niya ang pagpihit ng doorknob. Napapiksi siya nang marinig ang pagkatok ni Sloan sa pinto.

"Sab, ano naman 'to?" Indulgence laced his husky voice. Pakiramdam tuloy niya ay para siyang nagmamaktol na bata na nagtatago sa kuwarto. Nakagat niya ang labi.

"Sino ang nag-utos sa 'yo, Sloan?" aniyang nagtatapang-tapangan, subalit hindi niya napigilan ang pangangatal sa pagsasalita.

"Hindi ko pa alam, Sab. But if I did know who it is, hindi ko pa rin p'wedeng sabihin kung sino," katuwiran ng lalaki.

She digested what he said before asking another question. "Ano ka ba, Sloan?"

Ilang sandaling naging tahimik ang lalaki. Inakala niyang hindi siya nito narinig kung kaya uulitin sana niya ang tanong nang marinig itong magsalita.

"I'm a private investigator."

Investigator? Napakunot-noo si Sab sa narinig.

Why would someone hire an investigator to get her? Hindi niya inaasahan ang sagot nito. She was expecting him to be a hired killer. Hindi pa rin siya tiwala sa lalaki. Maybe he was just trying to trick her para magawa nito ang masamang plano. She remained steadfast.

"Kung investigator ka nga, patunayan mo," giit ng babae. Hindi niya alam kung paano nito iyon patutunayan sa kanya habang nasa loob siya ng kuwarto at naroon naman ito sa labas. The question sounded stupid to her. Nakagat niya ang pang-ibabang labi.

She detected a muffled laugh behind the door.

"Don't you think nakakaloko ang tanong na 'yan, Sab? How can I prove myself kung nakakulong ka d'yan?" balik nito. She felt her face burn from humiliation.

"Sloan ba talaga ang pangalan mo?" pag-iiba niya bigla sa tanong. She didn't want him to have a chance to brainwash her. Malalaman din niya ang tungkol sa lalaking ito nang hindi kinakailangang buksan ang pinto.

"Yes, I'm Sloan Tenorio. Kung hindi ka naniniwala, ipapakita ko sa 'yo ang ID at lisensya ko sa agency.

Here, I'll slip it below the door," anito. Nakarinig siya ng munting ingay sa ibaba ng pinto at nakita nga niya ang dalawang IDs ng kausap.

Kaagad niyang dinampot ang mga iyon at masusing pinag-aralan.

The first was a voter's identification card of Sloan. Tingnan niya ang pangalawa; license ID nito mula *Ramos Detective Agency*. Parehong pirmado at may thumbmark pa ang mga iyon. Napangiwi siya.

"This proves nothing," balik niya sa lalaki. *Okay, he is who he say he is pero hindi ko pa rin napapatunayan kung talagang kakampi siya. I need to know kung sino talaga ang nag-utos sa kanya,* her mind told her emphatically.

"Ano pa ba'ng gusto mong malaman? I've said all that I have to say," saad nito.

"I don't trust you," ang tanging nanulas sa labi niya. She heard no immediate response from the man. Truth be told, hindi niya talaga magawang magtiwala sa kahit sino. It was the one trait she didn't learn while growing up.

"You don't need to. I don't even trust myself," tugon ni Sloan. She thought she heard a tinge of regret from the man's voice, subalit kaagad iyong

nawala nang marinig ang idinugtong nito. “Handa akong sagutin kahit anong tanong ang maisipan mo pa.”

“Sino’ng kausap mo kanina sa cellphone mo?” patuloy niya sa interrogation.

“The mystery client and then my superior,” Sloan answered.

“Mystery client?”

“Like I’ve told you, hindi ko kilala ang kliyente. I was just ordered to follow his every instruction.”

“Like what kind of instructions?” She was starting to get curious about the man behind all of this.

“Katulad ng pagpunta natin sa *Robinsons* kanina at ang pagpunta dito sa bahay na ito.”

“Kaninong bahay ito?”

“I have no idea. Baka sa kanya, sa kliyente. It’s the first time here.”

Sandali siyang napaisip ng iba pang itatanong dito. She was just formulating her next question when he spoke.

“Is it okay na magtanong ako, Sab?” ani Sloan.

Nagulat siya. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin dito.

“Sab?” muling tawag nito.

“Anong tanong?” may pagka-defensive niyang usisa. Hindi niya gustong umamin ng kahit ano sa lalaki, subalit hindi niya magawang tumanggi. She was questioning him herself. Puwede naman itong hindi makipag-cooperate sa kanya, ngunit ginagawa nito ang lahat para lang mapanatag ang loob niya. Hindi siguro mahirap ang itatanong nito.

“Saan ka galing?” untag ni Sloan.

It was an easy question. “Sa Colorado,” matapat niyang sagot.

“Taga-US ka pala. Paano ka natutong magsalita ng Tagalog?”

Nalito siya sa tanong ng binata. Then it hit her. Her looks were of a foreigner. Anyone who’ll look at her would have the impression of a foreigner. She grimaced.

“Half-Filipino ako. Tagalog ang language sa bahay namin,” sagot niya. Nang banggitin niya ang tungkol sa bahay ay hindi niya napigilan na maalala ang rancho nila sa Colorado. The green field, the horses,

at ang kanyang treehouse. She shut the memories back to her mind. There was no use remembering those memories. Memories were just a part of the past. A past best forgotten.

"Kaya pala. Last na tanong na ito."

She waited for his last question. She remained silent.

"Sino sa tingin mo ang nag-utos sa akin?"

Lalo siyang hindi nakasagot. Hindi niya kayang banggitin kahit ang pangalan ng taong iyon. She felt her hands grew icy. She rubbed them together.

"Sab?"

"Hindi ko alam," she said a bit forcefully. She wanted to blot out the image of the man from her head. She clutched her baby closer to her chest.

"Okay, so bubuksan mo na ang pinto?" anitong nais makasiguro.

She was glad he didn't push the issue. His sudden change of topic made her anxiety lessen.

"I'm warning you, hindi ako magdadalawang-isip na saktan ka kung may masama kang balak." Lumayo siya sa pinto at dahan-dahang binuksan iyon. Hindi

pa siya sigurado sa desisyon, subalit alam niyang hindi niya magagawang makaalis sa lugar na iyon habang ang lalaki ay nakabantay sa labas ng silid. She would have to come up with another plan.

Nang magawa niyang buksan ang pinto ay walang kurap na sinalubong niya ang tingin ni Sloan.

Lihim siyang napasinghap. Kung guwapo ito sa malayuan ay mas magandang lalaki pala ito sa malapitan. He was also very intimidating. Wala sa loob na napaatras siya palayo rito nang humakbang ito papasok sa silid.

A smirk lighted his dark visage. "Mas mabuti sana kung walis tambo ang kinuha mo. It would somehow create an injury no matter how small." Bahagya pang umangat ang isang kilay nito habang nakatingin sa hawak niyang feather duster.

Suddenly, she felt the futility of her self-defense. Itinaas niya ang hawak na feather duster sa gawi ng lalaki, animo maipagtatanggol siya niyon sa anumang gagawin nitong pag-atake.

"P'wede bang gumawa tayo ng truce, Sab?" anito na hindi kumilos sa kinatatayuan.

"Anong klase ng truce?" She eyed him suspiciously. She was feeling the awkwardness of her position.

"I'm not going to be anywhere three meters from you. Kung talagang wala kang tiwala sa 'kin," alok nito.

Sab silently analyzed that. "Five meters," kapagdaka ay sabi niya.

Tumango ang kausap bago tumalikod at naglakad pabalik sa pinto upang lumabas ng kuwarto. Akmang isasara na nito iyon nang biglang may maalalang sabihin.

"You'll have to honor the truce for two weeks, Sab." Iyon lang at ipininid na nito ang pinto.

Nanghihinang napaupo sa sahig ang babae at nabitawan ang feather duster.

Two weeks? di-makapaniwalang sigaw ng isip ni Sab.